NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Enero 14, 2019

NOBELA

KUNG DUMATING ANG PAG-IBIG

Ni EFREN ABUEG

KUWENTO NG LINGGO

HANGGANG DITO NA LAMANG...

Ni EVELYN L. ESTRELLA-SEBASTIAN

TULA

TIMPLA

Ni GEROME NICOLAS DELA PEÑA

MANILA BULLETIN PUBLISHING

ISBN 1656-98-14

P25

Toni at Alex GONZAGA

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

Larawang mula sa Google

Mga New Year's resolutions na hindi mahirap tuparin

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

MARAMI sa atin ang totoong naghahangad na magbago at magbagong buhay. Kaya, tuwing sasapit ang Bagong Taon, inihahanda na natin ang isang listahan ng mga nais nating gawing pagbabago sa sarili. Ngunit kung minsan, sa dami ng nais na baguhin, hindi natutupad ni isa sa mga nakalista. Sapagkat, ang determinasyong magbago ay nagagapi ng saksakan ng daming ibig gawing *New Year's resolutions*.

Narito ang ilang maaaring baguhin natin sa ating ugali at gawi na hindi naman nakalulula ngunit matutupad kung sapat ang "will" na matupad ito. Karamihan dito'y may kinalaman lamang sa mabuting pakikisama sa kapwa at kapitbahay:

Magpapasalamat lagi ako sa tuwing may mag-aabot ng aking pamasahe o sukli sa jeep. Ito'y isang ugaling laging nakakaligtaan ng mga pasahero sa *jeep*, lalo na kung mahaba ang *jeep* at kailangan talagang may mag-abot ng ating bayad at sukli.

Hindi ako kakatok sa bahay ng may bahay kung oras ng tulog sa tanghali. May mga taong sadyang parang walang sentido komun (*common sense*). Hindi dahil hindi ka mahilig matulog sa tanghali ay gayon din ang ginagawa ng iyong kapitbahay, kamag-anak o kaibigan. Kaunting konsiderasyon lang ang kailangan para mabago ang di kanais-nais na ugaling ito.

Hindi ako magpapatugtog ng karaoke o radyo nang malakas sa mga normal na oras. Ito ang siguro'y pinamagandang *New Year's resolution* na maaaring gawin ng mga Pilipino, bukod siyempre sa hindi pagkanta nang wala sa tono. Higit na ikasisiya ng mga kalapit-bahay ang katahimikan kapag sila'y matutulog sa tanghali o gabi. Pagsapit na ng alas diyes ng gabi, dapat ay tigilan na natin ang pagkanta. Napakaraming puwedeng gawin para maglibang maliban sa umawit ng "My Way" nang paulit-ulit – tutal humahantong lamang ito sa sakitan, saksakan at barilan ng mga lasing na magkakabarkada!

Hindi ko hahayaang magtatahol ang aking aso o gumala anumang oras sa gabi at araw. Ang hirap kasi sa marami sa atin, basta may aso ka ay maaari mo na itong patahulin anumang oras. May isa kaming kilala sa *village* na pilosopo na inireklamo ng kanyang kapitbahay sapagkat napakaingay ng kanyang aso kahit malalim na ang gabi. Sinabi ng pilosopong mama: "Aba eh, humanap nga kayo ng asong hindi tumatahol at bibilhin ko 'yon!" Mayroon pa ngang mahilig magbiro nang ganito: "Ah, ok lang 'yan. Kaunti lang namang mangagat 'yang aso ko!" Isang birong hindi nakakatawa!

Isa pang *New Year's resolution* na kaugnay ng pag-aalaga ng aso: huwag pabayaang gumala ito kung saan-saan, dumumi o bungkalin ang damo sa bakuran o hardin ng iba. Sapagkat, bukod sa magkakaroon tayo ng kaaway, baka isang araw ay malaman na lang natin na sinagasaan na pala ang aso natin, kinuha at ginawang pulutan, o nilason! (Hindi natin alam ang maaaring gawin ng isang taong nakasagutan o nakaaway natin dahil sa aso!) Ang isa pang masamang epekto ng pagpapabaya sa ating aso (o pusa) ay baka makakagat ito at makamatay dahil sa taglay nitong *rabies*.

Magbibigay naman ako nang sapat sa koleksiyon sa misa. Hindi naman siguro mahirap baguhin ang pagiging kuripot at hindi naman hinihingi sa atin na iabuloy ang ikapu (1/10) ng ating kinikita sa bawat buwan. Ang inaasahan lamang ay: huwag naman tayong maghagilap ng mga barya sa tuwing dadaan sa atin ang *collection box* o basket – bigyan naman natin ng dignidad ang ating inaabuluyan.

Hindi ko pupunuin ang aking pinggan sa mga handaan at pagkatapos ay magtitira lamang ako o magsusuka na parang lasing! Hindi magandang ugali ang maging "takaw-mata" sapagkat madali namang bumalik sa mga nakahaing pagkain. Kumuha tayo ng kaya lamang nating ubusin sapagkat kay raming walang makain at mas mahirap maghugas ng mga pinggang puro tira!

Iyan lamang ang ilan sa madadaling gawing **New Year's resolutions.** Hindi kailangang marami, biglaan, at sabay-sabay na baguhin – isa o dalawa lamang na magaspang na ugali'y maaari nang umpisahan sa pagsapit ng Bagong Taon. Ang kailangan lamang ay maging *conscious* tayo sa mga mali at tamang gawi, lalo na sa pagkikipagkapwa-tao.

BAGA: Mga Piling Tula mula sa LIRA Fellows 2018

LABIMPITO sa mga kalahok ng Palihang LIRA 2018, na nagbansag sa kanilang pangkat bilang "Batch Baga," ang pinalad na makapagtapos noong 4 Disyembre 2018. Mismong ang tagapayong-tagapagtatag ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA), ang Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan na si Virgilio S. Almario, ang maluwalhating nag-abot ng kanilang sertipiko ng pagtatapos. Sa kaniyang mensahe ng inspirasyon, mariing sinabi ni Almario sa mga nagtapos at sa lahat ng kasapi ng organisasyon na, "walang espasyo sa pagtula na hindi dapat mapunan ng tulang LIRA."

Itinatag noong 1985, nilalayon ng samahán na maipamalay sa sambayanan ang sining ng Panulaang Filipino. Sa taunang palihan na idinaraos mula Hunyo hanggang Disyembre, sumasailalim ang mga kalahok sa masinsinang pag-aaral sa tradisyon at kumbensiyon ng pagtula batay sa mga kritikal na pag-aaral ng mga kinikilalang iskolar ng panitikan at sa matagumpay na praktika ng mga premyado at pinagpipitaganang makata ng bansa. Ang mga nakapagtapos sa palihan ay nominadong maging kasapi ng LIRA. Ibig sabihin, dadaan pa sa mabusising deliberasyon ng komiteng tagapag-organisa kasama ang matatandang kasapi ng grupo kung tatanggapin ba silang miyembro o hindi. Sa Marso ihahayag kung sino sa mga kabilang sa Batch Baga ang magiging opisyal na kasapi ng LIRA. Si Aldrin Pentero, na nagwagi ng Makata ng Taon 2017 sa Talaang Ginto sa Tula ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang kasalukuyang pangulo ng LIRA. Si Dr. Louie Jon Sanchez, na tatlong ulit naging Makata ng Taon ng Talaang Ginto at kasalukuyang nagtuturo ng panitikan sa Departamento ng Ingles ng Pamantasang Ateneo de Manila, ang direktor ng palihan.

Isa sa kahingian sa pagtatapos ng mga kalahok ang pagbuo ng isang antolohiya ng mga pumasáng tula sa palihan. Mismong ang pangalan ng Batch 2018 ang ipinamagat sa kanilang antolohiya: *Baga*. Konseptuwal o matalinghagang iniuugnay nila ang salitang ito sa apoy, pasò, tupok, darang, lagablab, ningas, alab, upos, lapnos, liyab, salab, sirit, hinga, hithit, buga. Sa madali't salita, sa marubdob na damdamin at nakaliligalig na kaisipan. Ang mga napabilang sa antolohiyang ito ay sina Cristobal Fulgencio Alipio, Agatha Faye J. Buensalida, Kim Joshua Guirre Daño, Nicole Alize Dayrit, May Morales-Dolis, Jestoni Benjamin D. Entereso, Andre Alfonso R. Gutierrez, Genesis Roy Historillo, John Christopher DG. Lubag, Kay O'Yek, Dhanica Ocumen, R. Olaguera, Will Preclaro, Claizza A. Regalado, Bernadette Requinala Reyes, Renz Rosario, Edgar R. Tamayo Jr., Tresia Siplante Traqueña, Christian Umali, at Melvin Uy. Sina Buensalida, O'Yek, Historillo, Rosario, Alipio, at Tamayo ang naglingkod bilang editor ng antolohiya at si Preclaro naman ang nagdisenyo ng mga pahina at pabalát.

Sa unang pagbasa sa may mahigit 100 pahinang aklat-antolohiyang *Baga*, marami ang tulang sadyang nang-aakit ng pansin at naggigiit ng sarili upang basahin at unawain. Sa obserbasyon nga ni Dr. Romulo P. Baquiran Jr., propesor ng panitikan sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isa sa unang walong kasapi ng LIRA, "Tunay na kahanga-hanga ang mga manunulat ng Batch Baga." Bagaman nagkakapareparehong ilan sa mga anyo ng pagtulang ginamit sanhi ng pagsunod ng mga manunulat sa mga leksiyong pinagaralan sa panahon ng palihan, lumitaw ang indibidwalidad ng bawat isa at hindi maitatanggi ang pangingibabaw ng sari-sariling tinig nila at pananaw. Dagdag na pansin pa ni Baquiran, "Isang pangunahing elemento ng mga akda ang siste (*wit*). Ito ang nagbibigay ng katangiang mainit sa mga akda."

Unang nakatawag ng pansin ko sa mga tulang kabilang sa antolohiya, sanhi marahil sa pamagat nito, ang "Bagá" ni R. Olaguera. Inakala kong sinadya niya itong sulatin bilang pagpupugay sa kanilang pangkat at paglilinaw sa pamagat ng kanilang aklat. Tila tamang-mali ang aking hinala. Ang bagá na tinutukoy niya, na sinadya niyang lagyan ng tuldik na paiwa upang mabigkas at maintindihan nang wasto, ay ang pulmon o "lungs." Ngunit, higit sa pagiging *bigá* ang itinanghal niya sa kaniyang tula. Matagumpay na nagamit niya ito bilang isang metapora. Narito ang tula:

BAGÁ
ni R. Olaguera

Dito sa bahay na pulá,
Damdamin ko'y nakatirá.

Bahay ng buntonghininga
Na palaging bukás-sara.

At pinunô ko ng usok,
Nangitim ang bawat sulok.

Dingding nito'y nasulasok,
Hanggang tuluyang matupok

Ng apoy na puro poot;
Natira'y abong malungkot.

At nang ito ay bumagsak,
Dumating ang mga uwak.

Damdaming nakabibiyak,
Dito ko lahat 'sinaksak.

Sa paraang literal, bagá ito na tumanggap ng lahat ng "apoy na puro poot" kayá bumagsak at pinuntahan ng mga uwak. Sa kabilang dako, isang "bahay na pula" ito, isang silid na "palaging bukás-sara" at "pinunô ko ng usok" kayá nasulasok, natupok at ang tanging natira rito ay "abong malungkot." May bisà ng katutubong bugtong ang akda bagaman malinaw na karanasang kontemporaneo ang itinatanghal. At, marahil produkto ito ng ebersisyo sa pagtutugmang tudlikan kayá magkakauri ng bigkas ang mga pantugmang salita sa bawat saknong: nagtatapos sa **a** at mabilis sa saknong 1 at 2, nagtatapos sa katinig na may patinig na **o** at malumay sa saknong 3 at 4, nagtatapos sa katinig na may patinig na **o** at mabilis sa saknong 5, at nagtatapos sa katinig na may patiníng na **a** at mabilis sa saknong 6 at 7. Ang mga tugma sa ikatlo at ikaanim na saknong ay mauuring dalisay.

(Itutuloy sa susunod na labas)

Toni at Alex, kakaiba ang closeness bilang magkapatid!

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

SINA Toni at Alex Gonzaga ay masasabing kabilang sa *most lovable* na *sisters* sa mundo ng *showbiz*.

Sina Toni (34) at Alex (30) ay lumaki sa pangkaraniwang *middle-class family* sa Taytay, Rizal sa mga magulang na sina Crisanta Gonzaga na mas kilala sa *showbiz-world* bilang Mommy Pinty at kay Carlito "Bonoy" Gonzaga, na *vice mayor* ngayon ng Taytay, Rizal.

Madalas, animo sila aso't pusa na nagbabangayan kahit sa *national live* TV, pero tanggap ito ng publiko at marami ang naaaliw kina Toni at Alex kapag napapanood sila ng ganito. Nakikita kasi ng masa sa dalawa ang *typical* na magkapatid, may away man, may tampuhan, at kung ano-ano pa, pero lagi namang may pagmamahal sa kanilang kalooban para sa isa't isa.

Kaya maraming naaliw sa dalawang mag-utol sa *entry* nila sa nagdaang 44th Metro Manila Film Festival na *Marry, Marry Me with* Sam Milby, Bayani Agbayani, Moi Bien, at Melai Cantiveros. Ito ay mula sa pamamahala ni Direk RC delos Reyes.

First time ni Toni na mag-*produce* sa ilalim ng kanyang TINCAN *film outfit* kasosyo ang kanyang Mommy Pinty at si Alex at *co-prod* sila rito ng *husband* na si Direk Paul Soriano ng TENT17P Production.

Nagbalik-tanaw nga ang aktres na noong maliliit pa sila ni Alex ay lagi nilang inaabangan ang pagpila sa MMFF sa pelikulang nais nilang mapanood.

Ani Toni, *"I remember when we were kids we would always look forward* sa MMFF *and* pipila kami sa isa sa *movies* na gusto naming mapanood. *Then fast forward to 20 years later*, kasama na kaming dalawa na isa sa napanood sa MMFF."

Saad naman ni Alex, "Masaya makatrabaho ang ate ko kasi una sa lahat, *feeling* mo *safe* ka, *feeling* mo *at home ka* at wala ka sa *work* kasi nandoon ang ate mo. *Yet at the same time* mahirap din siya, kasi masyadong *perfectionist* ang ate ko at masyado rin niyang tsinetsek at ino-*observe* lahat ng galaw ko. *So*, parang mayroon akong nanay sa *set*."

Sa kanilang dalawa, si Toni ang naunang makatikim ng buhay *showbiz*. Bata pa lang ay kaliwa't kanang *auditions* ang ginawa niya, dahil bukod sa pangarap maging artista, nais niyang makatulong sa kanilang pamilya.

Katagalan, pinalad naman si Toni at noong siya ay 18 *years old*, naging bahagi ng *softdrink commercial* na tinampukan ni Piolo Pascual. Sumunod ay dumating ang *biggest break* ni Toni nang maging isa siya sa Dabarkads ng *Eat Bulaga*.

Pero, lalong naging maningning ang bituin ni Toni nang lumipat niya sa ABS-CBN noong 2005. Dito'y sumabak si Toni bilang *host* ng *Pinoy Big Brother* at tuluyang nagbago ang kanyang estado bilang *celebrity* at naging ganap na bituin na siya.

Kasabay ng paglipat sa bagong *network*, si Toni ay binigyan din ng *movie at recording contracts* ng ABS CBN.

Si Alex naman, paglipas ng isang taon ay pumasok na rin sa *showbiz*. Pero kinalaunan ay mas nabigyan ng *break* bilang TV host sa TV5 at pati na rin sa pag-arte, na nabigyan siya ng *exclusive contract* mula 2008 hanggang 2013.

Nang natapos ang kontrata rito ni Alex, nagbalik siya sa Kapamilya Network noong 2013. Dito lalong lumitaw ang kanyang pagiging kikay bilang *host* at artista.

Lalong naging *love* ng marami nang nagkaroon ng sariling YouTube vlog noong 2017 si Alex.

Kapwa sikat man ang magkapatid, isinumpa nilang kahit kailan ay hindi magkakaroon ng *sibling rivalry* sa kanilang dalawa.

Kaya parehong pangako nina Toni at Alex sa isa't isa na kapag mayroon silang pinagdadaanan o hindi sila okay, hindi raw sila haharap sa *media*, para makaiwas na may masabing hindi maganda sa isa't isa na kapwa nila pagsisisihan *later-on*.

Lance Raymundo, mas magfo-focus sa kanyang singing career ngayong 2019

Ni NONIE V. NICASIO

ISANG Christmas *song* ang huling *single* ni Lance Raymundo, na bagong *version* ng *Silent Night* at siya mismo ang gumawa ng *arrangement* nito *in collaboration with* Ramiru Mataro.

Dahil natuwa ang Viva rito, *next month* ay magkakaroon si Lance ng bagong *single* na pinamagatang *Sana*, na original niyang komposisyon. Plano rin ng kanyang *home studio* na mas-mag-*focus* si Lance sa kanyang *singing career* ngayong 2019.

Esplika ni Lance, "Oo naman *because* 'yun naman talaga iyong ano, di ba? *I mean, I entered showbiz as a singer and as a songwriter* pero hindi talaga na-*explore* nang mabuti kasi noong *time* na 'yun, *I was still in school and I was busy with my girlfriend.*

"*So*, parang hindi ako masyadong nagbigay ng *one hundred percent*. Kung kailan *ready* na ako magbigay ng *one hundred percent*, namatay naman 'yung *manager* ko (Angie Magbanua) *and then I ended up with finding my way back in through acting*. Tapos 'yun nga, *because of* Viva Records at salamat sa tiwala ng Viva, *I finally have a contract to release music*."

Inusisa rin namin siya kung sino ang *artist* na gusto niyang maka-*collaborate* at ang sagot ni Lance, si KZ Tandingan. Bilib daw kasi siya sa galing ni KZ at isa siyang *fan* ng *singer*.

Sa ngayon, may tinatapos na pelikula si Lance na siya ang bida *under* Direk Elwood Perez. May papel din siya sa *movie* ni Nadine Lustre titled *Indak*.

Larawang kuha ni Wilson Fer

Nabanggit din ni Lance na kahit mas magfo-*focus* siya sa kanyang *singing career* ngayon, ngunit kung may *offer* daw para maging *actor or event host, game* pa rin siyang gawin ito.

Naibahagi rin ni Lance na posible siyang makasali sa isang American *series*. Umaasa siyang makapasok dito, *"I'm shortlisted, although* mawawala ako rito *for a couple of weeks if I get the role. I'll be shooting abroad,"* sambit pa niya.

Idiniin pa ni Lance na *game* raw siyang pagsabayin ang *acting* at *singing*. Pero ang talagang higit na ipinu-*push* siya ngayon ay bilang *singer*. Handa naman daw siyang maghintay na mas maging *establish* na siya bilang mang-aawit at *recording artist*.

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

Inakbayan siya ni Sonny. "Okey na 'yan. *Next time*, sa sine natin yakagin!"

Napahikab siya sa halip na sumagot.

SA sarili, inaamin niya, naghahanap din siya ng *adventure*. Hindi ba't sa kanyang pag-iisa ay ninanamnam pa rin niya sa imahinasyon ang *kiss* nila ni Zeny? Hanggang ngayon, na magkasama sila sa parlor ay nakakaarte ito na parang wala lang. Minsan naman, nahuhuli niya si Zeny na may pilyang ngiti sa sulok ng labi, parang may iniisip na kapilyahan. Magiliw pa rin naman ito sa kanya, at malimit, kasalo siya sa baon nitong pagkain.

Minsan, habang magkasalo sila sa tanghalian, nagtanong si Zeny, "Nililigawan mo ba 'yung pumupunta dito'ng naka-*scooter?*"

"Si Jonna? Hindi. Barkada lang kami."

"Ba't di mo ligawan? Halata namang gusto ka no'n."

"Si Jonna? E mas *macho* pang umasta kesa sa 'kin 'yon…."

"*Type* ka no'n," sabi ni Zeny. "Hindi ka lang makahalata."

Pagkatapos ay tinitigan siya nang malagkit. "Ang lalaki, dapat malakas makiramdam."

May nabubuong hinala sa kanyang dibdib pero agad din niyang sinupil. Baka naman masyado lamang siyang suspetsoso. Baka talagang si Jonna ang tinutukoy nito. Baka walang ibig sabihin ang malagkit na titig nito.

Pinapag-isip uli siya nang malalagkit na titig ni Zeny.

Hindi nga natapos ang linggong iyon, nakatanggap siya ng *text* mula kay Nets. Nangungumusta. Pagkatapos, idinugtong na gusto nitong gumimik. Ipinaalam sa kanya na nasa Pasig si Lani, nag-aaplay ng trabaho at wala itong mayakag.

Nahiwatigan ni Janno na naghahanap ng *date* si Nets. Itinanong niya sa *text* kung saan nito gustong pumunta. Bahala raw siya, sagot.

Noon ay pasado alas-dos pa lamang. May dalawang oras pa bago siya makaalis sa parlor pero puwede naman siyang makiusap kay Zeny lalo't wala namang kostumer. Nakipagsara siya kay Nets na magkita sila sa botika sa Binakayan bandang alas-singko.

Ibinabulik niya ang *cellphone* sa kanyang bulsa ay naaalala pa niya si Nets: ang tila *girlish* nitong ngiti, ang matatambok na pisngi. Kilos-*teen-ager* pero sa inuman, puwedeng pang-*derby*. Naalala rin niya ang maumbok nitong *boobs*. Naasam niyang sana'y alas-singko na.

Nang magpaalam siya kay Zeny na mag-a-*undertime* siya, muli niyang nakita ang pilyang ngiting iyon.

"*Excited* ka, a? Me *date* ka, 'no?"

"W-Wala…"

Hindi naman nagpilit alamin kung bakit *undertime* siya. Bigayan kasi sila sa parlor. Pag si Zeny naman ang may lakad at siya ang maiiwan doon, wala rin naman siyang reklamo. At saka, wala ngang kostumer.

Palabas na siya ng parlor nang humirit pa si Zeny. "Ingat sila sa 'yo!"

Nauna pa sa kanya sa botika si Nets. Ang suot nito ay blusang may mababang *cut* sa dibdib, bahagyang silip ang *cleavage*, at pulang hapit na *jeans*. Lumuwang ang pagkakangiti nang makita siya.

"Akala ko iind'yanin mo 'ko, e…"

"P'wede ba 'yon? Nagmamadali nga ako…!"

Napangiti uli si Nets. Dumudulas na yata ang dila niya, naisip ni Janno. At naalala niya si Sonny. Hindi naman ito kagandahang lalaki, maitim pa nga, at sa tangkad, sisiw sa kanya. Pero, ma-*chicks*, lapitin ng *girls*. Bakit? Una, galante si Sonny, gumagastos. Pangalawa, bolero.

Sa pagiging galante, hindi niya kayang sabayan si Sonny, pero sa tamis at dulas ng dila, puwede. Baka mahigitan pa niya. Lalo't sa tingin niya, si Nets, tulad ni Lani, ay mababaw rin ang kaligayahan.

(ITUTULOY)